Abiso sa Privacy ng LiveBlood

Bersyon 1.0 · Petsa ng bisa: Sa pag-apruba ng Philippine Red Cross – Oriental Mindoro Chapter

Kung may hindi pagkakatugma, ang bersyong Ingles ang susundin.

Ang maikling bersyon

- Kinokolekta lang namin ang kailangan para malaman kung puwede kang mag-donate at maipakita ang malalapit na drive.
- Naka-encrypt ang mga sagot mo tungkol sa kalusugan. Ang screening staff lang ang nakakakita nito.
- Hindi namin ibinebenta ang datos mo o ginagamit para sa ads.
- Puwede mong i-download o burahin ang datos mo anumang oras sa app.

Ipinapaliwanag ng abisong ito kung paano kinokolekta, ginagamit, ibinabahagi, at pinoprotektahan ng LiveBlood ang iyong personal na impormasyon. Sinusunod nito ang Data Privacy Act of 2012 (Republic Act No. 10173), ang Implementing Rules and Regulations nito, at ang mga patakaran ng National Privacy Commission (NPC).

1. Sino kami

Ang LiveBlood ay plataporma para sa pagbibigay ng dugo sa lalawigan ng Oriental Mindoro.

Personal Information Controller: Philippine Red Cross – Oriental Mindoro Chapter, Oriental Mindoro Provincial Hospital, Brgy. Sta. Isabel, Calapan City, Oriental Mindoro 5200. Ang Council ang nagpapasya kung bakit at paano ginagamit ang iyong datos.

Personal Information Processor: Jhon Michael V. Gillado, ang developer ng LiveBlood, na gumagawa at nag-aalaga ng sistema para sa Council sa ilalim ng nakasulat na kasunduan.

Data Protection Officer (DPO): Data Protection Office ng Philippine Red Cross – Oriental Mindoro Chapter, mindoro.oriental2@redcross.org.ph, 0906 901 4001.

2. Anong datos ang kinokolekta namin

Impormasyon ng account

- Pangalan, gitnang pangalan, apelyido
- Petsa ng kapanganakan
- Munisipyong tinitirhan
- Email at password (nakatago bilang secure hash, hindi mababasa ninuman)
- Blood type, kung alam mo
- Numero ng cellphone, kung pipiliin mong ibigay

Impormasyon tungkol sa kalusugan (sensitibong personal na impormasyon) Sensitibo

- Mga sagot mo sa health questionnaire para sa donor
- Resulta ng eligibility check at mga tala ng staff na nag-review
- Kasaysayan ng iyong pagbibigay ng dugo (petsa, lugar, blood type, dami)

Lokasyon

- Ang lokasyon ng iyong phone, kapag pinindot mo lamang ang "Use my location" o binuksan ang mapa nang naka-on ang location. Ginagamit namin ito para malaman ang iyong munisipyo o para ipakita ang pinakamalapit na blood drive. Hindi namin sinusubaybayan ang iyong lokasyon sa background at hindi namin itinatago ang eksaktong coordinates mo.

Teknikal na impormasyon

- Push notification token ng iyong phone
- Bersyon ng app at mga error log na kailangan para maayos ang problema
- Kung staff ka at binuksan mo ang browser notifications: ang address na ibinibigay ng browser mo para maabot ito, hanggang patayin mo ang mga ito o mag-sign out ka

Mga pagbisita sa aming website

Binibilang namin ang mga pagbisita sa pampublikong website bilang kabuuan bawat araw, bawat page, at kung saan galing ang pagbisita, gaya ng Facebook o poster. Walang cookies na ginagamit at walang IP address o anumang makakakilala sa iyo ang itinatago. Kung hiniling ng browser mo na huwag i-track, hindi binibilang ang pagbisita.

3. Bakit namin ginagamit ang iyong datos

Layunin	Datos na ginagamit	Batayan sa ilalim ng RA 10173
Gumawa at protektahan ang iyong account	Impormasyon ng account	Iyong pahintulot; pagbibigay ng serbisyo sa iyo
Suriin kung puwede kang magbigay ng dugo	Impormasyon sa kalusugan, petsa ng kapanganakan	Iyong tahasang pahintulot (Seksyon 13)
Ipakita ang malalapit na blood drive at stock ng dugo	Munisipyo, lokasyon kapag pinayagan mo	Iyong pahintulot
Magpadala ng abiso tungkol sa drive, resulta, at kakulangan ng dugo	Email, push token, numero ng cellphone	Iyong pahintulot
Itago ang mga talaan ng donasyon na hinihingi ng batas pangkalusugan	Kasaysayan ng donasyon	Pagsunod sa batas at sa patakaran ng DOH (Seksyon 12 at 13)
Hulaan ang pangangailangan ng dugo at magplano ng drive	Kasaysayan ng donasyon at munisipyo, pinagsama-sama bilang kabuuang bilang	Lehitimong interes ng Council para sa kalusugan ng publiko; gumagamit ng datos na hindi nagpapakilala sa iyo

Hindi namin ibinebenta ang iyong personal na datos. Hindi namin ito ginagamit para sa advertising.

4. Paano gumagana ang eligibility check

Tinitingnan ng app ang iyong mga sagot ayon sa mga patakarang itinakda ng Council, gaya ng edad, timbang, at tagal mula sa huli mong donasyon. Gabay lamang ang check na ito. Kapag kailangang suriing mabuti ang iyong mga sagot, rerepasuhin ito ng sinanay na staff. Ang huling desisyon kung puwede kang magbigay ng dugo ay laging ginagawa ng blood service staff o doktor sa lugar ng donasyon. Puwede kang humiling na tao ang mag-review ng anumang resulta ng app sa pamamagitan ng pagkontak sa DPO.

5. Sino ang nakakakita ng iyong datos

- Mga staff ng Council at awtorisadong staff ng ospital o blood bank, ayon lamang sa kailangan ng kanilang trabaho. Limitado ang access ng bawat staff account ayon sa tungkulin nito, at nakatala ang bawat pagbabago sa mga record.
- Mga service provider na tumutulong magpatakbo ng sistema, na obligadong protektahan ang iyong datos:

- Pagpapadala ng email: Resend (Estados Unidos, ipinapadala sa pamamagitan ng Japan), para sa verification code at mga abiso
- Push notification: Expo (Estados Unidos), para sa mga abiso ng app. Ang browser notifications ng staff ay dumadaan sa push service ng gumawa ng browser, gaya ng Google, nang naka-encrypt
- Hosting at seguridad ng network: DigitalOcean (Singapore) at Cloudflare
- Mapa: OpenStreetMap, na natatanggap lamang ang pangkalahatang lugar ng mapang binubuksan ng iyong phone, hindi ang detalye ng iyong account
- SMS: Semaphore, kung naka-on lamang ang SMS alert

- Mga ahensya ng gobyerno, kapag hinihingi lamang ng batas, gaya ng Department of Health sa ilalim ng National Blood Services Act of 1994 (RA 7719).

May ilang provider na nag-iimbak ng datos sa labas ng Pilipinas. Ibinabahagi lamang namin ang kailangan ng bawat isa, at hinihingi naming protektahan nila ito nang katumbas ng batas ng Pilipinas.

6. Gaano katagal namin itinatago ang iyong datos

- Impormasyon ng account: habang aktibo ang iyong account. Kapag binura mo ang account, buburahin o gagawin naming anonymous ang datos sa loob ng 15 araw, maliban sa mga record na kailangang itago ayon sa batas.
- Mga sagot sa health questionnaire at resulta ng eligibility: itinatago sa loob ng tagal na hinihingi ng mga patakaran ng Department of Health, ayon sa itinakda ng Philippine Red Cross – Oriental Mindoro Chapter.
- Mga talaan ng donasyon: itinatago sa loob ng tagal na hinihingi ng mga patakaran ng Department of Health, ayon sa itinakda ng Philippine Red Cross – Oriental Mindoro Chapter.
- Ang mga kabuuang bilang na ginagamit sa forecasting ay walang pangalan at maaaring itago nang mas matagal.

7. Paano namin pinoprotektahan ang iyong datos

- Naka-encrypt sa database ang mga sagot sa health questionnaire.
- Nakatago ang mga password bilang one-way hash.
- Gumagamit ng HTTPS encryption ang lahat ng koneksyon.
- Nakadepende sa tungkulin ang access ng staff, at nakatala ang bawat pagbabago sa inventory at eligibility.
- Kapag may data breach na naglalagay sa panganib sa iyong datos, aabisuhan namin ang NPC at ang mga apektadong donor sa loob ng 72 oras mula nang matuklasan ito, ayon sa NPC Circular No. 16-03.

8. Mga donor na edad 16 at 17

Kailangan ng nakasulat na pahintulot ng magulang o guardian ang mga donor na edad 16 at 17 bago magbigay ng dugo, ayon sa National Blood Services Act. Hinihingi ng app ang pahintulot na ito bago ang health questionnaire. Hindi puwedeng gumawa ng account ang mga wala pang 16 taong gulang.

9. Ang iyong mga karapatan

Sa ilalim ng RA 10173, may karapatan kang:

- Malaman kung paano ginagamit ang iyong datos
- Makita ang iyong datos at makakuha ng kopya
- Itama ang mali o lumang datos
- Tumutol sa pagproseso, kasama ang awtomatikong eligibility check ng app
- Bawiin ang iyong pahintulot anumang oras
- Ipabura o ipa-block ang iyong datos kapag hindi na ito kailangan o ginamit nang labag sa batas
- Makuha ang iyong datos sa format na madadala mo sa iba (data portability)

- Humingi ng danyos para sa pinsalang dulot ng maling paggamit ng iyong datos
- Magsampa ng reklamo sa National Privacy Commission (privacy.gov.ph)

Para gamitin ang alinman sa mga karapatang ito, buksan ang Profile, Settings, tapos Privacy at data sa app, o mag-email sa DPO sa mindoro.oriental2@redcross.org.ph. Sasagot kami sa loob ng 15 araw ng trabaho. Hindi binabawi ng pagbawi ng pahintulot ang pagprosesong nagawa na bago ka bumawi, at mananatili ang mga record na kailangang itago ayon sa batas.

10. Mga pagbabago sa abisong ito

Kapag binago namin ang abisong ito, ia-update namin ang petsa ng bisa at aabisuhan ka sa app bago ito ipatupad. Kailangan muli ng iyong pahintulot para sa malalaking pagbabago.

11. Kontak

Data Protection Officer: Data Protection Office ng Philippine Red Cross – Oriental Mindoro Chapter Email: mindoro.oriental2@redcross.org.ph Telepono: 0906 901 4001 Address: Oriental Mindoro Provincial Hospital, Brgy. Sta. Isabel, Calapan City, Oriental Mindoro 5200